

UPDATE Mga Serbisyonang EHSD sa Emergency na COVID-19

Nakatuon ang EHSD sa pagsuporta sa Contra Costa sa panahon ng krisis sa kalusugan na COVID-19. Habang ipinagbabawal ang pag-access sa mga pampublikong lobby ng EHSD, patuloy kaming naghahatid ng mahahalagang serbisyo sa inyo at sa inyong pamilya.

Mga Programa ng mga Benepisyo na Subok na sa Pamamaraan para sa mga Karapat-dapat na Indibidwal at Pamilya:

Nagkakaloob ang **CalFresh** ng karagdagang tulong para sa mga badyet para sa pagkain. Maaaring maging karapat-dapat ang ilang sambahayan na may mga nakapagpapagaan na pangyayari para sa isang pinabilis na pagpapasya ng mga benepisyo.

Nagkakaloob ang **Medi-Cal** ng mahalagang hanay ng mga benepisyong pangkalusugan, kasama ang mga pagpapatingin sa doktor at pangangalaga sa ospital.

Kasama sa CalWORKs ang tulong na pananalapi, mga serbisyo sa trabaho, tulong sa mga walang tirahan, pag-aalaga ng bata, at iba pang mga serbisyonang pansuporta sa mga pamilya na may mga anak na wala pang 19 na taong gulang, upang matulungan silang magtagumpay sa trabaho at maging nagsasarili.

Upang mag-apply para sa mga programang ito: Bisitahin ang MyBenefitsCalWIN.org upang mag-apply at i-renew ang mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang aming website sa www.ehsd.org o tumawag sa **(925) 957-5647** o **(925) 957-5648 (Espanyol)** para sa tulong.

Mga Programa ng Benepisyo para sa mga Adulto

Nagbibigay ang **Pangkalahatang Tulong** ng pansamantalang ginhawa at suporta sa mga maralitanang adulto na hindi suportado ng kanilang sariling pamamaraan o ibang mga pampublikong pondo o mga programang pagtulong. **Para sa karagdagang impormasyon**, tawagan ang isa sa aming mga yunit ng Pangkalahatang Tulong:

- East County: 4545 Delta Fair Boulevard
Antioch, CA 94509 **(925) 608-5990**
- Central County 400 Ellinwood Way
Pleasant Hill, CA 94523 **(925) 521-5001**
- West County 1305 Macdonald Avenue
Richmond, CA 94801 **(510) 942-3670**

Mga Serbisyo para sa Pagtanda, Matatanda, at May Kapansanan

Tumutulon ang **Mga Serbisyonang Pansuporta sa Tahanan (IHSS)** na magbayad para sa mga serbisyo para sa mga karapat-dapat na matanda, bulag at may kapansanang mga indibidwal na hindi kayang manatili nang ligtas sa kanilang sariling mga tahanan nang walang tulong. Posible ring karapat-dapat ang mga batang may kapansanan para sa IHSS. **Para mag-apply**, tumawag sa **(925) 229-8434**

Pinapayagan ng **The Information and Assistance (I&A) Helpline** ang mga nakatatanda, mga adulto na may kapansanan, at mga tagapag-alaga na makipag-usap sa may sapat na kaalaman na mga social worker upang makakuha ng impormasyon, mga referral sa iba pang mga serbisyo, at tulong sa paglutas ng mga problema. **Para maka-access**, maaaring tumawag ang mga residente nang libre sa **(800) 510-2020**. Maaaring tumawag ang mga tumatawag gamit ang mga cell phone o tumatawag sa labas ng Contra Costa sa **(925) 229-8434**. Ang mga residente na may kapansanan sa pandinig ay maaaring tumawag sa **(925) 602-4198**.

Ang aming programang **Mga Serbisyonang Pumuprotekta sa Adulto (APS)** ay tumatanggap at nagsasala ng mga tawag na may kaugnayan sa pang-aabuso at pagpapabaya sa isang nakatatandang indibidwal o isang umaasang adulto. Maaaring kasama sa pang-aabuso ang pisikal na pang-aabuso, pagpapabaya, pang-aabuso sa pananalapi, pag-abandona, paghihiwalay, o pagdukot. **Para isumbong ang pinaghihinalaan o aktwal na pang-aabuso sa matatanda** tawagan nang libre ang APS sa **(877) 839-4347** o **(925) 602-4179** kung tumatawag mula sa labas ng County

marami pang serbisyo sa likod



CONTRA COSTA COUNTY

EMPLOYMENT & HUMAN SERVICES

Mga Serbisyo para sa Pag-iwas at Pagprotekta para sa mga Bata

Ang **Contra Costa Youth Continuum of Services** ay nagbibigay ng libre at kusang-loob na mga serbisyo sa mga kabataan na may edad na 14-21 na lumayas, itinapon, o nakakaramdam na hindi ligtas sa kanilang tahanan.

Para maka-access, tumawag sa **(800) 610-9400** o mag-email sa homelessprogram@ehsd.cccounty.us

Magagamit ang **Pag-uulat ng Pang-aabuso sa Bata** 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo upang makatanggap at masuri ang mga tawag na may kaugnayan sa pisikal na pang-aabuso, seksuwal na pang-aabuso, emosyonal na pang-aabuso, pagsasamantala at pagpapabaya sa isang batang naninirahan sa Contra Costa. **Para isumbong ang pinaghihinalaan o aktuwal na pang-aabuso sa bata, tumawag sa aming Hotline**, sa **(877) 881-1116**

Ipinagpapatuloy ng aming **Kawanihan ng mga Serbisyo sa mga Bata at Pamilya** ang pagseserbisyo nito, na kasama ang pakikipagtulungan sa Juvenile Court para sa mga agarang aktibidad, pagsubaybay sa mga batang kinakandili na nasa paglalagay at, nasa ilalim ng hurisdiksyon ng korte, nagbibigay ng mga mapagkukunan upang matulungan ang mga pamilya na mapanatili o muling makasama ang kanilang mga anak, pagtatasa sa mga kamag-anak para sa mga paglalagay na emergency foster, at nagbibigay ng mga serbisyo na nagpapanatili ng kaligtasan at kapakanan na mga batang kinakandili. Maaaring magpatuloy ang mga residente **na makipag-ugnayan sa kanilang social worker** para sa kanilang mga pangangailangan.

Iba pang Magagamit na mga Serbisyo

Ang aming **Social Services Rapid Response Team (SSRRT)** ay ilulunsad sa Lunes, Marso 23, 2020. Magbibigay ang SSRRT ng suporta sa serbisyong panlipunan at koordinasyon ng mga mapagkukunan upang matugunan ang mga kagyat na pangangailangan ng mga indibidwal at pamilya na naapektuhan ng COVID-19. Ang pangkat na ito ay makikipagtulungan sa mga umiiral na pagsisikap at mga ahensya sa komunidad. **Para sa karagdagang impormasyon**, mag e-mail sa 4OurFamilies@ehsd.cccounty.us.

Ang aming **Workforce Development Board (WDB)** ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga naghahanap ng trabaho at mga negosyo sa pamamagitan ng email at telepono, at nagpo-post ng mga karagdagang mapagkukunan sa www.wdbccc.com kung mayroon. Mag e-mail sa wdb@ehsd.cccounty.us.

Ang **KEYS Auto Loan Program** ay nagbibigay ng mababang interes sa pautang sa mga kuwalipikadong kasali sa CalWORKs na maaaring **makipag-ugnay sa kanilang Eligibility Worker** upang humiling ng referral

Ang Panahon ng Pagbabahagi (Season of Sharing) ay nagbibigay ng isang beses, hindi umuulit na tulong na pananalapi sa mga indibidwal at pamilya na may mga emergency na pangangailangan na hindi nakamit sa pamamagitan ng iba pang mga mapagkukunan. Ang Panahon ng Pagbabahagi ay nagbibigay ng tulong sa mga residente na may hindi planado, mapapatunayang mga krisis, may mababa-hanggang-katamtamang kita, hindi pa tumatanggap ng Panahon ng Pagbabahagi sa loob ng nakaraang limang taon, AT nabibilang sa isa sa mga sumusunod na kategorya: matanda na mahigit sa 55 taon, nag-aalaga ng mga menor de edad na bata, may kapansanan, beterano, ampon na kabataan, mga biktima ng karahasan sa tahanan. **Para mag-apply:**

- Maaaring makipag-ugnayan ang mga pamilyang tumatanggap ng CalWORKs sa kanilang EHSD Eligibility Worker upang mag-apply para sa tulong ng Panahon ng Pagbabahagi
- Dapat tumawag ang lahat ng iba pang aplikante ng Panahon ng Pagbabahagi sa **(925) 521-5065** para sa pre-screening ng pagiging karapat-dapat at tulong sa aplikasyon
- Maaaring isangguni ang mga karapat-dapat na residente sa iba pang mga ahensya o matulungan ng mga tauhan ng hotline

Nagbibigay ang **Low-Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)** ng tulong na pananalapi para sa mga bayarin sa kuryente para sa mga taong ang kita ay mababa sa 100% ng mga patnubay ng Kahirapan na itinakda ng Pederal. **Para mag-apply**, tumawag sa **(925) 681-6380**

Mga Mapagkukunan ng Kasamang Ahensya

Ang **Contra Costa Crisis Center (211)** ay isang sentralisadong lugar upang malaman ang tungkol sa mga magagamit na mapagkukunan para sa mga residente ng Contra Costa.

Nagpapanatili ang **The Food Bank** ng isang listahan ng magagamit na lugar ng pagkain sa paaralan sa website nito sa www.foodbankkccs.org/get-help/foodbycity.html

Nakikipagtulungan din ang EHSD sa mga ahensya ng komunidad at mga kasama tungkol sa mga alalahanin sa **Immigration at Public Charge**. **Para sa karagdagang impormasyon**, mangyaring i-access ang aming page na Immigration and Public Charge sa www.ehsd.org/charge Palalawakin ng EHSD ang presensya nito sa komunidad sa mga darating na linggo. Habang nagpapatupad kami ng mga pagsisikap, mamahagi kami ng impormasyon.